

Mga tanong at sagot sa pagpapanumblik ng OHP at iba pang mga benepisyo ng Medicaid



Ang mga pagpapanumbliki ay nangyayari para sa Oregon Health Plan (OHP) at sa iba pang mga benepisyo ng Medicaid. Gumawa ng hakbang para maprotektahan ang iyong mga benepisyong medikal.

1. I-update ang iyong tirahan upang maabot ka namin sa mahalagang impormasyon. Magagawa mo iyon nang mag-isa o makakakuha ka ng libreng tulong sa online, sa pamamagitan ng telepono o nang personal.
2. Pagkatapos, tingnan ang iyong sulat sa koreo nang madalas para sa mga sulat mula sa estado ng Oregon. Kapag dumating na ang mga ito, gawin kaagad ang ipapagawa nila.

Kung mayroon kang tanong na hindi nasasagot dito, **maaari kang makakuha ng libreng tulong sa maraming wika:**

- Maghanap ng opisina o katuwang sa komunidad na malapit sa iyo. [KeepCovered.Oregon.gov](https://www.KeepCovered.Oregon.gov).
- Tumawag sa **800-699-9075** sa mga karaniwang araw mula 7 a.m. hanggang 6 p.m. Kapag nakarinig ka ng boses, pindutin ang 5. Maghintay ka lang. May sasagot sa Ingles. Dahan-dahang sabihin ang pangalan ng wikang kailangan mo. Ikokonekta ka sa isang interpreter. Pinakamaikli ang mga oras ng paghihintay sa pagitan ng 7:00 am at 8:00 am.



Mga tanong tungkol sa kailangan mong gawin ngayon

1. Bakit ko kailangang ipanumbalik ang aking OHP o ang ibang mga benepisyo ng Medicaid kung hindi ko kinailangan sa nakalipas na tatlong taon?

- Ang mga panuntunan sa “Emerhensiya sa Pampublikong Kalusugan” na ipinatupad sa panahon ng pandemya ng COVID-19 ay magtatapos na. Ngayon, dapat tiyakin ng estado ng Oregon na kwalipikado pa rin ang lahat para sa OHP at iba pang mga benepisyo ng Medicaid.

2. Ano ang pinakamahalagang bagay na magagawa ko para mapanatili ang aking mga benepisyo?

- Ang pinakamahalagang bagay na maaari mong gawin ay ang i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa lalong madaling panahon.
 - Tingnan ang kahon sa pahina 1 para sa mga paraan ng pagkuha ng libreng tulong sa maraming wika.
 - Maaari mo ring i-update ang iyong impormasyon sa online. Pumunta sa benefits.oregon.gov. Lumikha o mag-log in sa iyong online na ONE account.
- Pagkatapos, tingnan ang iyong mga sulat sa koreo nang madalas para sa mga sulat mula sa estado ng Oregon. Kapag dumating na ang mga ito, gawin kaagad ang ipapagawa nila. Kung kailangan mo ng tulong, tingnan ang kahon sa pahina 1.

3. Sino ang kailangang gumawa ng hakbang upang mapanatili ang kanilang mga benepisyo?

Kung makakuha ka ng alinman sa suportang nakalista sa ibaba, kailangan mong i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan at abangan ang mga sulat mula sa estado:

- Oregon Health Plan (OHP)
- Iba pang Medicaid tulad ng:
 - (Mga Programa sa Pagtitipid ng Medicare Savings Programs)
 - Mga pangmatagalang serbisyo at suporta para sa mga taong may kapansanan at matatanda. Maaaring kabilang dito ang tulong sa mga pang-araw-araw na gawain sa bahay o sa isang pasilidad.

4. Kailan ko makukuha ang aking mga sulat?

- Ang mga sulat ay ipinapadala na ngayon hanggang sa kalagitnaan ng 2024. Hindi lahat ay ipapanumbalik nang sabay-sabay, kaya tingnan ang iyong mga sulat sa koreo nang madalas para sa mga sulat mula sa estado.
- Mayroon ka bang online na ONE account? Doon mo makikita ang iyong nakatantyang petsa ng pagpapanumbalik. Maglalagay kami ng digital na kopya ng iyong mga sulat sa sentro ng mensahe pagkatapos naming ipadala ang mga ito sa iyo. Maaari ka ring magpatala upang makakuha ng mga alerto sa text o email kapag ipinadala ang iyong mga sulat. Pumunta sa benefits.oregon.gov upang lumikha o mag-log in sa iyong online na ONE account.
- Maaari ka ring bumisita o tumawag sa isang opisina o katuwang sa komunidad, o tumawag sa sentro ng serbisyo sa kostumer ng ONE at hilingin sa kanila na tingnan kung kailan ipapadala ang iyong mga sulat. Tingnan ang kahon sa pahina 1.

5. Ilang sulat ba ang makukuha ko?

- Ang ilang tao ay makakakuha lamang ng isang sulat na magsasabi kung magpapatuloy ang kanilang mga benepisyo. Sasabihin nito kung kailangan mong tumugon sa sulat o hindi.
- Ang ilang mga tao ay maaaring makakuha ng dalawang sulat nang sabay. Ipapaalam sa iyo ng isang sulat na naipanumbalik ka na at kailangan mong magpadala ng karagdagan pang impormasyon. Sasabihin noong isa pang sulat kung anong impormasyon ang ipapadala at kung paano ito ipadala.
- Kung kailangan mong tumugon o magpadala ng impormasyon, mayroon kang 90 araw. Sa panahong iyon, patuloy kaming magpapadala ng mga sulat ng paalala isang beses sa isang buwan.

6. Ano ang sasabihin ng mga sulat?

Makakatanggap ka ng isa o higit pang sulat at ng buod ng kaso, na magpapaliwanag sa iyong mga benepisyo. Basahin ang mga ito nang mabuti, at makipag-ugnayan sa amin kung kailangan mo ng tulong upang maunawaan—tingnan ang kahon sa pahina 1 para sa mga paraan ng pagkuha ng tulong. Maaaring sabihin ng iyong mga sulat ang mga bagay na tulad ng:

- **Awtomatiko kang ipapanumbalik para sa OHP o iba pang mga benepisyo ng Medicaid.** Repasuhin ang impormasyon upang matiyak na tama ang lahat. Siguruhing tumugon kung mayroong anumang mga pagbabago.
- **Kailangan mong magbigay ng karagdang pang impormasyon para makita kung kwalipikado ka pa rin.** Maaaring hilingin sa iyo na magpadala ka ng impormasyon o sumailalim sa isang panayam. Mayroon kang hanggang 90 araw para tumugon. Ipapaliwanag ng mga sulat ang kailangan mong gawin.
- **Nagbabago ang iyong mga benepisyo.** Kwalipikado ka para sa ibang programang medikal o hindi na kwalipikado para sa OHP o iba pang Medicaid. Makakatanggap ka ng hindi bababa sa 60 araw na paunang abiso sa kung kailan magtatapos ang anumang mga benepisyo. Sasabihin sa iyo ng iyong mga sulat kung ano ang susunod na gagawin. Kung nagbago na ang iyong sitwasyon at sa tingin mo ay dapat ka pa ring maging karapat-dapat, makipag-ugnayan sa isang manggagawa bago matapos ang iyong mga benepisyo.

7. Makakakuha ba ng mga sulat at buod ng kaso ang bawat tao sa aking pamilya?

- Karamihan sa mga sambahayan ay makakakuha ng isang sulat at buod ng kaso para sa pamilya. Sa ilang mga kaso, makakatanggap ang mga tao ng mga sulat para sa iba't ibang miyembro ng sambahayan sa iba't ibang oras.
- Mahalaga para sa bawat tao sa iyong sambahayan na i-update ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

8. Ano ang mangyayari kung hindi ako tumugon sa mga liham?

- Kahit na karapat-dapat ka pa rin para sa OHP o sa iba pang Medicaid, maaari mong mawala ang iyong saklaw kung hindi ka tumugon sa mga sulat.

- Kung hindi mo sinagot ang mga sulat at nalaman mong nawala ang iyong mga benepisyo, maaari kang mag-aplay muli. Kung kwalipikado ka pa rin, maaari naming muling buksan ang iyong mga benepisyo sa loob ng 90 araw.

9. Paano kung plano kong ilipat o baguhin ang aking tirahan para sa koreo sa lalong nalalapit panahon?

- Siguraduhin mong i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa sandaling ilipat mo o baguhin ang para sa iyong tirahan sa koreo. Magagawa mo yan sa benefits.oregon.gov. Lumikha o mag-log in sa iyong online na ONE account.
- Tingnan ang kahon sa pahina 1 para sa mga paraan ng pagkuha ng libreng tulong, sa maraming wika, upang mai-update ang iyong tirahan.

10. Wala akong permanenteng tirahan sa koreo. Paano ko makukuha ang aking mga sulat?

- Maaari mong gamitin ang anumang tirahan na maaari kang makatanggap ng sulat sa koreo. Maaari itong sa isang kaibigan, miyembro ng pamilya o isang pinagkakatiwalaang organisasyon.
- Maaari kang makakuha ng libreng P.O. Box. Pumunta sa alinmang U.S. Post Office at ipaalam sa kanila na wala kang bahay. Nandito ang impormasyon: faq.usps.com/s/article/Is-there-mail-service-for-the-homeless.

Mga tanong tungkol sa kung ano ang gagawin kung magbago ang iyong mga benepisyo

11. Paano kung ako o ang isang miyembro ng pamilya ay hindi na kwalipikado para sa OHP o iba pang mga benepisyo ng Medicaid?

- **Maaari kang maging karapat-dapat para sa Medicare.** Tawagan ang Social Security Administration sa 800-772-1213 upang magpatala sa pamamagitan ng telepono o gumawa ng appointment sa isang lokal na opisina. Maaari kang ring magpatala sa Medicare online sa ssa.gov/medicare/sign-up. O maaari kang pumunta sa OregonHealthCare.gov/GetHelp para humanap ng ahente ng seguro o tutulong sa Senior Health Insurance Benefits Assistance Program, na maaaring maabot sa 800-722-4134.
- **Kung hindi ka karapat-dapat para sa Medicare, tingnan kung nag-aalok ang iyong employer ng abot-kayang plano.** Siguraduhing makipag-usap sa iyong boss o sa departamento ng pangtaong mapagkukunang departamento bago matapos ang iyong OHP. Makakakuha ka ng espesyal na panahon ng pagpapatala kapag nawalan ka ng OHP.
- **Kung wala kang Medicare o ng plano ng pinagtatrabahunan, maaari kang bumili ng planong pangkalusugan sa pamamagitan ng Oregon Health Insurance Marketplace.** Maaaring magkahalaga ito ng kasing-liit ng \$1 bawat buwan. Sinasaklaw ng mga plano ang mga bagay na tulad ng mga inireresetang gamot, pagbisita sa doktor, agarang pangangalaga, mga pananatili sa ospital, at iba pa.

- Ang mga taong nawalan ng OHP ay maaaring magpatala para sa saklaw ng Marketplace sa sandaling magkaroon sila ng petsa ng pagsasara ng OHP. Maaaring magpatala ang mga tao bago matapos ang kanilang OHP para maiwasan ang agwat sa saklaw, ngunit may hanggang Hulyo 31, 2024 para makapagpatala.
- Ang mga taong nawalan ng OHP ay dapat mag-sign up sa Marketplace bago matapos ang kanilang OHP. Ang huling petsa ng pagpapatala ay sa Hulyo 31, 2024.
- Upang malaman ang karagdagan pa tungkol sa Marketplace, bisitahin ang OregonHealthCare.gov o tumawag sa 833-699-6850 (toll-free, tinatanggap ang lahat ng relay na tawag).
- Maaari mo ring bisitahin ang isang katuwang sa komunidad o ahente ng seguro para sa libreng tulong sa Marketplace, nang personal o sa telepono. Upang makahanap ng malapit sa iyo, bisitahin ang OregonHealthCare.gov/GetHelp.

12. Ano ang ilang dahilan kung bakit maaari kong mawala ang aking OHP o iba pang Medicaid?

- Tumaas na ang iyong kita. Kung kumita ka ng higit sa pinakamataas na kita para sa programa, hindi ka na kwalipikado para sa OHP o iba pang Medicaid.
- Binago mo na ang iyong katayuan sa paghahain ng buwis.
- Mayroon ka na ngayong Medicare. Maaari ka pa ring maging karapat-dapat para sa OHP o iba pang mga benepisyo ng Medicaid.

13. Paano kung pumunta ako sa ospital o doktor at malaman kong nawala ang aking OHP o iba pang benepisyo ng Medicaid?

- Maaaring nawala mo ang iyong mga benepisyo dahil hindi ka tumugon sa iyong mga sulat. Tingnan ang iyong mga sulat para makita kung anong petsa ang sinasabi nilang pagtatapos ng iyong OHP. Kung wala pang 90 araw ang nakalipas sa petsang iyon, maaari ka pa ring tumugon at muling simulan ang iyong mga benepisyo. Kung wala sa iyo ang iyong mga sulat, humingi ng tulong gamit ang kahon sa pahina 1. Maaari ka ring mag-aplay muli anumang oras at humingi ng tulong sa pagbabayad ng anumang kamakailan lang na mga medikal na bayarin.
- Kung nawala mo ang iyong OHP dahil hindi ka na kwalipikado, maaari kang makakuha ng bagong plano sa pamamagitan ng Oregon Health Insurance Marketplace. Tingnan ang tanong 11 para sa higit pang kaalaman.
- Kung mayroon kang Medicare at nawalan ka ng OHP o ng Medicare Savings Program, maaari kang makipag-usap sa isang ahente ng seguro o tagapayo ng Senior Health Insurance Benefits Assistance upang maunawaan ang iyong mga opsyon sa Medicare. Maghanap ng isa sa OregonHealthcare.gov/GetHelp.

14. Paano kung sa tingin ko ay isang scam ang isang tawag sa telepono o mensaheng text na humihingi ng impormasyon? Paano ko matitiyak na talagang OHP ito o isang opisyal na tumatawag?

- Ang Oregon Health Authority, Oregon Department of Human Services, and Coordinated Care Organizations ay maaaring mag-text at tumawag sa mga miyembro para paalalahanan silang i-update ang kanilang impormasyon o magpanumbalik sa takdang-panahon.

- Hinding-hindi kami tatawag para humingi sa iyo ng pera para magpatala o muling magpatala. Huwag kailanman magbahagi ng impormasyon sa pagbabangko o credit card sa sinumang nagsasabing mula sa Oregon Health Authority, Oregon Department of Human Services, Oregon Health Plan, o Medicaid.
- Kung makatanggap ka ng tawag sa telepono o mensaheng text na sa tingin mo ay isang scam, ibaba ang tawag at huwag tumugon.

Mga tanong tungkol sa OHP at Medicare

15. Paano kung kakasimula ko lang sa Medicare?

- Ang mga taong nasa OHP at pagkatapos ay nagsimula sa Medicare sa panahon ng pandemya ay nanatili sa OHP. Tinatawag namin itong “ganap na dalawahan o full dual” na mga benepisyo dahil mayroon kang Medicare at OHP.
- Kailangan ng lahat na magpanumbalik. Maraming tao ang kailangang kapanayamin ng isang manggagawa upang malaman kung anong uri ng mga benepisyo ang maaari silang maging kwalipikado. Maaari kang makakuha ng tulong sa pagbayad ng iyong mga premium sa Medicare Part B, pangalawang saklaw, o patuloy na saklaw sa ganap na dalawahan, kabilang ang dental at hindi emergency na transportasyon.
- Kung kailangan mo ng tulong sa pang-araw-araw na gawain sa bahay o sa isang pasilidad, magtanong tungkol sa mga serbisyo at suporta sa pangmatagalang pangangalaga.
- Kung nawalan ka ng mga benepisyo ng OHP, maaari kang makipag-usap sa isang ahente ng seguro o tagapayo sa Senior Health Insurance Benefits Assistance (SHIBA) tungkol sa iyong mga opsyon sa Medicare. Maghanap ng isa nito sa [OregonHealthcare.gov/GetHelp](https://www.oregonhealthcare.gov/GetHelp) o tumawag sa SHIBA sa 800-722-4134.

16. Paano kung naging 65 ang edad ko ngunit hindi ako nagpatala sa Medicare?

- Kung naging 65 taong gulang ka sa panahon ng pandemya, ngunit hindi nagpatala sa Medicare sa panahong iyon, magpatala ka na kaagad. Tingnan ang unang sagot sa tanong 12 para malaman kung paano.
- Mahalagang magpatala para sa saklaw ng Medicare sa panahon ng iyong unang panahon ng pagpapatala. Tumatagal ito ng pitong buwan, simula sa tatlong buwan bago ka maging 65. Maaari ka ring magpatala sa loob ng 6 na buwan pagkatapos ng pagwawakas ng iyong OHP. Kung hindi ka magpatala, maaaring kailanganin mong magbayad ng dagdag na halaga, na tinatawag na multa sa nahuling pagpapatala kung magpasya kang magpatala sa ibang pagkakataon.
- Kung mayroon kang ibang saklaw sa kalusugan tulad ng mula sa iyong trabaho, o kwalipikado ka para sa isang Medicare Savings Program, maaaring hindi mo kailangang magbayad ng multa. Mangyaring alamin sa Medicare upang makatiyak ka. Alamin ang higit pa sa [medicare.gov/basics/costs/medicare-costs/avoid-penalties](https://www.medicare.gov/basics/costs/medicare-costs/avoid-penalties).

Mga tanong tungkol sa OHP at sa mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga

17. Naaangkop ba ito sa akin kung nakatanggap ako ng pangmatagalang pangangalaga?

- Oo. Kung nakatanggap ka ng mga serbisyo na pangmatagalang pangangalaga ng Medicaid, kakailanganin mong ipanumbalik ang iyong mga benepisyong medikal.
- Kasama sa pangmatagalang pangangalaga ng Medicaid ang mga serbisyong tumutulong sa mga taong may mga kapansanang pisikal, mental na kalusugan, at intelektwal o mga kapansanang pang-unlad. Ang mga serbisyo ay tumutulong sa mga tao na pangalagaan ang pang-araw-araw na kalusugan at mga pangangailangan sa personal na pangangalaga na hindi nila kayang gawin nang mag-isa.
- Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa tahanan o komunidad ng isang tao. Maaari ding ibigay ang mga ito sa isang lugar ng pangangalaga tulad ng foster care ng matatanda, tinutulungang pamumuhay at residensyal na pasilidad, pasilidad ng pangangalaga, at mga komunidad sa pangangalaga sa memorya.

18. Ano ang kailangan kong gawin para maipanumbalik ang aking mga medikal na benepisyo kung mayroon akong pangmatagalang pangangalaga?

- Panatilihin napapanahon ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Matutulungan ka ng iyong mga awtorisadong kinatawan.
- Abangan ang iyong sulat sa pagpapanumbalik sa koreo. Makipag-ugnayan sa iyong tagapamahala ng kaso kung mayroon kang mga tanong o kailangan mo ng tulong sa pag-uawa sa iyong sulat.

19. Ano ang maaaring mangyari sa aking mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga pagkatapos ng pagpapanumbalik?

- Pagkatapos ng iyong pagpapanumbalik, maaaring mangyari ang isa sa mga bagay na ito:
 - Kung kwalipikado ka pa rin para sa OHP, magpapatuloy ang iyong OHP, ngunit maaaring mayroon kang mga pagbabago sa iyong mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga.
 - Kung hindi ka na kuwalipikado para sa OHP, magtatapos ang iyong mga benepisyong medikal sa OHP at pangmatagalang pangangalaga.
- Kung bumababa ang iyong mga benepisyo o magtatapos, maaari kang humingi ng apela kung hindi ka sumasang-ayon o sa tingin mo ay nagkamali ang estado.
- Kung nakatira ka sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga o foster home ng matatanda, o may mga tagapag-alaga sa bahay, kausapin ang iyong kawani para sa kaso tungkol sa mga paraan upang mapanatili ang mga serbisyong kailangan mo.



KeepCovered.Oregon.gov

Para sa mga indibidwal na may mga kapansanan o mga indibidwal na nagsasalita ng wika na hindi Ingles, maaaring magbigay ang OHA ng impormasyon sa mga alternatibong format tulad ng mga pagsasalin, malalaking imprenta o braille. Kontakin ang 503-945-5488 tinatanggap ang lahat ng mga relay na pagtawag o sa feedback@odhsosha.oregon.gov.